

# KALALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

EDITORIAL

## Rebolusyon ang tatapos sa pangarap na pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte

Hindi pa man nagpapataw ng Martial Law sa buong bansa si Duterte, ramdam ng mamamayan ang pagiging pasistang diktador nitong ala-Marcos. Tumitindi ang mga teroristang aksyon ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan kasabay ng higit na pagtalikod nito sa kanilang interes para sa tunay na pagbabagong panlipunan. Sa ilalim ng sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos, tiyak na lalala pa ang pag-aastang diktador ni Duterte sa ngalan ng kanyang krusadang itatag ang walang taning na pasistang paghahari sa buong bansa.

Muling binubuhay ng sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos ang bangungot na idinulot ng Martial Law ng diktadurang US-Marcos. Nasasariwa din sa bayan ngayon ang Oplan Bantay Laya I at II sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo na naghasik ng matinding *shock and terror* sa mamamayan sa pamamagitan ng pamamaslang, ilegal na aresto at pagdetine, tortyur, sapilitang paglikas at iba pang paglabag sa karapatang tao. Pinatindi ng rehimeng US-Duterte ang inilulunsad na todo-gera laban sa mamamayan sa pamamagitan ng Oplan Kapayapaan. Sa ilalim ng sabwatang ito, higit na naghahasik ng teror ang AFP-PNP-CAFGU upang maisakatuparan lamang ang tinatarget ni Duterte na pigilan lahat ng pakikibaka ng mamamayan. Sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga kumponente ng anti-mamamayang Oplan Kapayapaan tulad ng paniktik gamit ang National ID System, mga malawakang pagpapasuko sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program at ang Presidential Proclamation No. 374 na tahasang nag-aakusa sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan na mga teroristang grupo, nakatudla si Duterte na kagyat na maisakatuparan ang pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan kahit hindi pa nito ganap na naitatag ang pasistang paghahari sa

buong bayan. Ginamit ni Duterte ang estilong Palparan na *shock and terror* na operasyong panunupil at pagpatay sa mga lider-masa at mga aktibista.

Sa Timog Katagalugan, nagpapatuloy ang walang habas na pananalasa ng AFP-PNP-CAFGU sa mga inosenteng sibilyan sa mga komunidad na kanilang hinahalihaw. Tampok sa mga kasong ito ang ginagawang panghahas at ilegal na pag-aaresto ng mga mersenaryong sundalo at pulis sa mga lider-masa sa rehiyon kabilang sina Guillermo Hernandez, pambansang tagapangulo ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura at pangkalahatang kalihim ng Kaisahan ng mga Manggagawang-bukid sa Batangas, Mylene Santua, isang lider-magsasaka at dating tagapagsalita ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin-Quezon, mga lider-masa sa Lupang Ramos sa Dasmariñas, Cavite at mga magsasaka at mangingisda ng Sityo Balacbacan, Brgy. Laiya Aplaya, San Juan, Batangas.

Samantala, hinahalihaw pa rin ng mga mersenaryong tropa ang mga komunidad ng mga pambansang minority sa rehiyon na nagdudulot ng matinding pinsala sa kabuhayan ng mga grupong Dumagat at Remontado sa Laguna-Rizal-Quezon at Mangyan sa isla ng Mindoro. Noong Setyembre 11, pinaslang ng mga elemento



## NILALAMAN

|    |   |
|----|---|
| 1  | <i>Editorial</i>  |
| 3  | <i>Ang pakikibaka ng mga magsasaka at mangigisda sa Laiya Aplaya</i>  |
| 4  | <i>TRABAHO Bill: anti-mamamayang reporma sa buwis at dagdag pahirap sa Pilipino</i>   |
| 6  | <i>1987-1988: Ang panahon ng disoryentasyon at kahibangan</i>   |
| 7  | <i>Laguna: Paraiso sa mga dayuhang kapitalistang inaagaw sa mamamayan</i>   |
| 9  | <i>TK, naghahanda na sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng Partido Dalawang Bats ng AKP, matagumpay na inilunsad sa rehiyong TK</i> |
| 10 | <i>Bantay Karapatan</i>   |
| 11 | <i>Balitang TO/ Kilos Protesta</i>  |
| 12 | <i>Kultura</i>  |

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo**. Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)** at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan**.

Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahing balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

st.kalatas@gmail.com  
balikwastk.wordpress.com

ng 4th IB ang isang lider-Mangyan na si Pangon Danio sa kanyang tahanan sa Sityo Kulasisi, Brgy. Batong-buhay, Sablayan, Occidental Mindoro. Higit ding pinatindi ni Duterte ang opensiba laban sa mamamayan sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso at pagbubuhay ng mga kaso ng kanyang mga nangungunang kritiko. Matatandaang naglabas ang rehimeng US-Duterte ng listahan ng higit 600 mga indibidwal na inaakusahang mga terorista kabilang ang mga rebolusyonaryo at progresibong mga indibidwal, at mga inosenteng mamamayan, habang ipinagpapatuloy nito ang mga pampulitikang panunupil at walang habas na pamamaslang sa mamamayan. Ilan lamang ito sa mga tiranikong hakbangin ni Duterte laban sa mamamayan na lalong naglalantad sa kanya bilang pasistang diktador na ala-Marcos o higit pa.

Simulat sapul, nahirapan nang ikubli ni Duterte ang kanyang pagiging diktador-pasista sa kaibuturan. Pagkaupo pa lang sa estado-poder, walang habas nyang pinagpapatay ang maraming bilang ng mamamayan sa ilalim ng kanyang gera kontra-droga. Sa kanyang panunungkulan, ipinataw niya ang Martial Law sa Mindanao sa ngalan ng diumano'y pagsugpo sa terorismo na sa katotohana'y ang kanyang rehimen ang may likha. Tulad ng diktadurang US-Marcos, mga inosenteng sibilyan at ang masang anakpawis ang pangunahing target ng kanyang ginagawang teror. Hindi na mag-iiba pa kung magdeklara ng Martial Law sa buong bansa si Duterte sapagkat lantaran nang ipinapakita nito ang ala-Marcos na paghahari sa mamamayan.

Sa harap ng nagbabadyang pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte, hindi nagmaliw at lalo pang umigting ang pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang mga demokratikong karapatan at aspirasyon. Pinaigting ng masang magsasaka sa rehiyon ang kanilang mga pakikibakang magbubukid na nagtataguyod ng kanilang karapatan para sa lupang mabubungkal. Nakaagapay naman ang mga pakikibakang manggagawa sa kalunsuran na hindi lamang lumalaban para sa disenteng trabaho at nakabubuhay na sahod kundi para sa repormang agraryo mismo at pambansang industriyalisasyon. Kasabay ng paglaban ng sambayanan para sa hustisyang panlipunan ang patuloy nilang pakikibaka para papanagutin at singilin ang mga kriminal ng bayan tulad nina Duterte, Arroyo at Marcos na nagtataguyod ng paglabag sa karapatang tao at umiiral na kultura ng impunidad sa bansa.

Ang sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos mismo ang pangunahing nagtutulak sa mamamayang higit na paigtingin ang kanilang pakikibaka. Sa ilalim ng tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte, inaasahang marami pang mamamayan ang mamumulat sa kawalan ng panlipunang pagbabago at kikilos upang kamtin ito sa harap ng patuloy na pang-aapi at pagsasamantala. Tulad ng nangyari sa diktador na Ferdinand Marcos, ang mamamayan mismo ang magpapabagsak sa rehimeng US-Duterte sa pamamagitan ng digmang bayan. Ang patuloy na paglakas ng armadong rebolusyong inilulunsad ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan ang sasambulat kay Duterte sa bandang huli at tatapos sa kanyang mga pangarap na itatag ang pasistang paghahari sa buong bayan. 🇵🇭

## Ang pakikibaka ng mga magsasaka at mangingisda sa Laiya Aplaya

**N**agkukumahog si Federico Campos, III, mga kasapakat nyang debeloper at lokal na opisyal ng reaksyunaryong gubyrno sa sapilitang pagpapalayas sa mga nakatira sa lupang Laiya—isang desperadong hakbangin upang bigyang-daan ang pagtatayo ng anti-mamamayang proyektong Laiya Tourism Development Plan. Layunin nitong ibukas ang lalawigan ng Batangas sa ekoturismo at makaakit ng dayuhang mamumuhunan dito. Kabilang dito ang pagtatayo ng *resort* at iba pang proyektong pang-ekoturismo ng Laiya Development Corporation, Aplaya Laiya Corporation at Macaria Development Corporation.


Apat na taon na ang nakalipas mula nang idemolis ang mga bahay ng mga residente sa Sitio Balacbacan, Brgy. Laiya Aplaya, San Juan, Batangas noong Hulyo 3, 2014. Umabot sa 600 pamilyang magsasaka at mangingisda ang naapektuhan nito laluna ang kanilang kabuhayan sa pangingsda. Kalakhan sa kanila na napilitang lumikas sa itinakdang *relocation site* sa Sitio Hulo ay dumanas ng labis na kahirapan dahil sa kawalan ng oportunidad sa kabuhayan. Samantala, nanindigan pa rin ang ilan sa mga residente kayat nagtayo sila ng kanilang bahay sa kalsada at kampuhan sa munisipyo hanggang sa kasalukuyan.

Nito lamang Hulyo 23, kasabay ng SONA ni Duterte, ipinademolis muli ni Campos III ang mga bahay ng mga residente gamit ang aabot sa 450 *demolition crew* kabilang ang mga inupahan nyang mga gwardya ng JPS agency. Pinakamasahol pa, sinangkot nya rin sa nasabing demolisyon ang mga mag-aaral ng *senior high school* sa pamamagitan ng kanyang kasapakat na mga lokal na opisyal ng lalawigan. Nilinlang ang mga mag-aaral na diumano’y inupahan sila para sa *clean-up drive* para linisan ang tabing-dagat sa bahaging Lian-Nasugbu-Tuy. Naglulunsad ng serye ng demolisyon ang kampo ni Campos III upang lubusang palayasin ang mga magsasaka.

Sa kabuuan, aabot sa 100 ektarya ang kalupaang sinasaklaw ni Campos III sa Laiya Aplaya. Kabilang sa kanyang inaangking lupa ang Lot 62B kung saan ilang ulit na nyang pinadalhan ng *notice to vacate* sa pangunguna ni Victorino delos Angeles ng Laiya Development Corporation, maging ang Lot 62A na may mga lehitimong tenanteng nakatira. Sinasaklaw na rin ng bantang pagpapalayas ang Lot 66B na inaangkin naman ni Sharon Castillo, kamag-anak ng pamilyang Llana na nangangamkam at nagmomonopolyo ng malaking bahagi ng lupa sa San Juan. Hindi pa nasapatan, tinatangka pa nilang bakuran ang lupang ito na sumasaklaw sa mga pananim ng mga magsasaka at ipinapa-aryendo para sa pribadong

pagdebelop habang nililinlang ang mga magsasaka sa na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Kahit noong taong 2012 pa nawalan ng bisa ang *conversion order* at *development permit* sa lupang kinamkam ni Campos III, makailang ulit na nagtangka pa ring magdebelop sina Victorino delos Angeles at Felix Panganiban, mga kasapakat na debeloper ni Campos III, sa pamamagitan ng palihim na pagpapapasok ng materyales at konstruksyon ng kubo tuwing gabi.

Paulit-ulit na nakararanas ng pananakot at pandarahas ang mga residente sa pamamagitan ng pasistang AFP-PNP at bayarang *goons* ng mga panginoong mangangamkam ng lupa upang supilin ang nakikibakang mamamayan. Noong Mayo 2015, idineploy sa komunidad ang 730th Combat Group-Philippine Airforce na pangunahing lumalabag sa kanilang karapatang-tao sa kumpas ni Campos III bukod pa sa yunit ng CAFGU ng 59th IBPA. Nito lamang Hunyo 3, dinala ang 1st IBPA sa lugar. Nagtayo sila ng kampo militar sa mismong lupang sakahan ng mga magsasaka sa kabila ng pagtutol ng mga residente. Dagdag pa rito, ang Macaria Development Corporation at Laiya Development Corporation na pagmamay-ari ni Campos III at delos Angeles ay may bayarang armadong pwersa at *goons* upang wasakin ang



---

barikada ng mamamayang lumalaban sa kanilang pakanang ilegal na pagpapaunlad sa lugar.

Gamit ang mga armadong pwersang ito, kinontrol nila ang galaw ng mga residente tulad ng pagbabawal sa pagmo-motor, pagsita sa mga dumadaan malapit sa kanilang kampo at pagpigil sa pagbabakod sa pananim ng mga magsasaka. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nakararanas ang mga residente ng pagbabanta, panghaharas, intimidasyon, militarisasyon sa kanilang lugar at pagsasampa ng gawa-gawang kaso laluna sa mga lider masa at aktibistang myembro ng Haligi ng Batangueñong Anakdagat (HABAGAT). Matatag itong hinarap ng mamamayan ng Laiya Aplaya sa suporta ng malawak na mamamayan mula sa iba't ibang uri at sektor hindi lamang sa Batangas kundi sa buong rehiyon.

Pinagpupugayan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Timog Katagalugan ang magiting at matapang na pagharap ng masang magsasaka at mangingisda ng Laiya Aplaya sa kaliwa't kanang pag-atake ng kampo ni Campos III. Sa loob ng apat na taon, nanindigan sila para sa kanilang lupang sakahan at panirikan, at hanggang ngayon, hindi pa rin sila napalalayas sa lugar. Patunay itong hindi kayang buwagin ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayang Batangueño at kailanman, hindi matutumbasan ni Campos III ng anumang halaga ng pera ang kanilang

pakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa.

Ang pakikibaka ng masang magsasaka at mangingisda ng Laiya Aplaya ay hindi hiwalay sa pakikibaka ng kilusang magsasaka at mangingisda sa buong rehiyon at bansa. Hanggat hindi pa nakukuha ng mga naghaharing-uri ang kanilang kagustuhan, magpapatuloy ang kanilang pandarahas sa residente ng Laiya Aplaya. Kung kaya, kailangang patuloy na padagundungin ang laksana bilang ng mamamayan sa lansangan upang ipanawagan ang kanilang karapatan sa lupa, panirikan, kabuhayan at hustisya. Dapat na ilantad ang mga pandarahas na ginagawa ng mga armadong pwersa ni Campos III at pagbayarin sa lahat ng kanilang krimen sa mamamayan. Higit sa lahat, kailangang pahigpitin ng mamamayan ng Laiya Aplaya ang kanilang pagkakaisa laban sa lahat ng pakana ni Campos III upang mapalaya ang kanilang sarili mula sa tiranyang inihahasik ng mga panginoong maylupa at mangangamkam ng lupa.

Batid ng mamamayan ng Laiya Aplaya na wala itong ibang masusulingan kundi ang kanyang sariling lakas kasama ang iba pang mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan sa buong rehiyon at sa bansa. Patuloy nilang patatagin ang kanilang hanay upang salagin at labanan ang anumang pag-atake ng mga armadong pwersa ni Campos III at iba pang lokal na naghaharing uri hanggang sa ganap na mabigo ang lahat ng kanilang anti-mamamayang pakana. ❏

---

## TRABAHO Bill: Anti-mamamayang reporma sa buwis at dagdag pahirap sa Pilipino

Sa harap ng pagsirit ng presyo ng mga batayang bilihin at pagkain dulot ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law, tigas-mukhang iniraratsada naman ngayon ni Rodrigo Duterte ang ikalawang pakete ng kanyang Comprehensive Tax Reform Program (CTRP)—ang Tax Reform for Attracting Business and High-Quality Opportunities o TRABAHO Bill. Gaya ng parasitikong TRAIN Law, papaboran ng TRABAHO Bill ang mayayaman at naghaharing-uri at lalong isasadlak sa kahirapan ang masang anakpawis.

Regalo ng TRABAHO Bill sa mga korporasyon ang pagbabawas ng singil sa *corporate income tax* (CIT) mula sa kasalukuyang 30% patungong 20% sa 2029. Sa Enero 2021, sisimulan ang pagbabawas sa CIT ng 2% kada dalawang taon hanggang bumaba ito sa target sa 2029. Mabubundat pang higit ang kabang yaman ng pinakamayayamang oligarko sa bansa tulad ng SM Investments Corp, SM Prime Holdings, JG Summit Holdings, Aboitiz Equity Ventures, LT Group Inc, GT Capital Holdings, Ayala Corp, Ayala Land, ICTSI, DMCI Holdings, Alliance Global Holdings (AGH), Cosco Capital

Inc, Vista Land, Coyuito Group of Companies, Filinvest Development Corporation at Top Frontier Investment Holdings na bilyun-bilyong piso ang kinikita kada taon.

Malaking porsyento ng buwis na kinukolekta ng reaksyunaryong gubyerno ang nagmumula sa *direct tax* kabilang ang *personal income tax* (PIT) at CIT mula sa mga korporasyon. Kapag gumulong nang tuluyan ang TRABAHO Bill, liliit ang makokolektang *direct tax* sa pangkabuuan ng Bureau of Internal Revenue (BIR).

Babawiin ng BIR ang kakulangan sa koleksyon nito



sa *indirect tax* tulad ng Value Added Tax at *excise tax* na ipinapataw sa mga pangunahing pangangailangan at produkto. Lubha itong makakaapekto sa pinakamahihirap na pamilyang Pilipino na bumubuo sa 80% ng populasyon. Ito ang mga Pilipinong kumikita ng minimum ng sahod o mas mababa pa o di kaya'y nasa impormal na sektor.

Hindi man ligtas ang mga naghaharing uri at relatibong mayayamang pamilya sa pagbabayad ng indirect tax, higit silang may kakayanan na pasanin ang dagdag buwis na dala ng TRABAHO Bill. Mas makikinabang pa nga ang mayayamang pamilya dahil liliit ang babayaran nilang PIT at CIT. Lalong lalaki ang kanilang yaman at impok ng labis na kita.

Pinalalabas ng reaksyunaryong gubyerno na bibigyang-daan ng TRABAHO Bill ang mga reporma sa pagbibigay ng *fiscal incentive* sa mga mamumuhunan. Magiging pamantayan sa pagrasyunalisa o pagtatanggal ng ilang fiscal incentive ang laki ng pamumuhunan, paglikha ng trabaho, pag-e-eksport, pagdebelop sa kanayunan, at antas ng kaunlaran sa pananaliksik ng mga kumpanya.

Sa ganitong balangkas, maaambunan ng insentibo ang mga malalaki at dayuhang negosyo na malalaki ang puhunan at nag-eempleyo ng mas maraming manggagawa.

Tatamaan ng rasyunalisasyong ito ang mga maliliit na empresa, na pihadong lilikha ng kondisyon para sa pagtataas ng presyo ng kani-kanilang mga produkto.

Sa halip na suportahan ang maliliit at lokal na Pilipinong negosyante, buong giliw na hinihikayat ng

TRABAHO Bill ang mga dayuhang mamumuhunan na magtayo ng kanilang mga negosyo at manupaktura sa loob ng bansa sa tabing ng pagpapaunlad ng industriya. Hahatakin lalo ng presensya ng mga multinasyunal at transnasyunal na korporasyon ang pagiging atrasado sa teknolohiya at kawalan ng sariling mabibigat at batayang industriya sa bansa. Habang walang pambansang industriyalisasyon at nakabatay sa dikta ng dayuhang monopolyo kapitalista't mga naghaharing uring malaking burgesyang kumprador ang mga patakaran sa ekonomya, mananatiling kapos at bansot ang ekonomya ng Pilipinas.

Sa anumang anggulo tingnan, dagdag na pahirap lang sa mga Pilipino ang idudulot ng TRABAHO Bill. Hindi na makasabay ang karaniwang pamilyang Pilipino sa lubhang mabilis na pagsirit ng presyo ng langis, produktong petrolyo, bigas, gulay, isda, karne, de lata at iba pang pangunahing mga bilingin, serbisyo sa kuryente at tubig dulot ng ipinataw na dagdag buwis ng TRAIN Law. Kung maipapasa ang TRABAHO Bill, tiyak na lalong matutulak sa desperasyon ang pinakamahihirap na pamilya sa bansa.

Walang pakialam ang rehimeng US-Duterte sa antas ng kabuhayan at ari-arian ng mamamayan sa pag-iimplementa ng anti-mamamayan at mapaminsalang reporma sa buwis na TRAIN at TRABAHO Bill. Kaya naman hindi na kwesyon kung bakit lumalawak ang bilang ng mamamayang nasusuklam at naghahangad na patalsikin at pagbayarin ang rehimeng sagad sa pagpapahirap at pambubusabos sa kanila.

Higit sa doble at tripleng krisis sa ekonomya ang pinapasan ngayon ng masang anakpawis habang binubusog nang higit ang bulsa ng iilan sa dagdag kita mula sa di-makatwirang pagbubuwis ng reaksyunaryong gubyerno. Kailangang tumindig ang mamamayan at magkaisa upang ibasura ang TRAIN Law at pigilan ang pagsasabatas ng TRABAHO Bill. Bukod dito, dapat na patuloy na labanan ng sambayanan ang lahat ng anti-mamamayan at makadayuhang repormang isinusulong ng rehimeng US-Duterte na nagsasadlak sa kanila sa higit na karalitaan kasabay ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at ang kasunod na yugto na sosyalistang rebolusyon na hindi lamang tutugon sa kanilang mga batayang pangangailangan kundi magdudulot ng tunay na kasaganaan para sa lahat. ☒



## 1987-88: Ang panahon ng disoryentasyon at kahibangan

U mabot sa ruok ang pakikibakang antipasista sa buong bansa sa pagpapatalsik sa pasistang diktadurang Marcos sa pamamagitan ng pag-aalsa *cum* rebelyong militar na EDSA noong Pebrero 1986. Sa pagbagsak ni Marcos, nabuwag ang malawak na prenteng antipasista at nagbago ang hanayan ng mga pwersang pampulitika, na-pumaling ang panggitnang pwersa sa mga repormistang pangako at potensyal na hatid ng rehimeng Aquino. Bunga nito, relatibong bumaba ang init ng mga pampulitikang pakikibaka at relatibong humupa ang paglahok ng masa sa mga aksyong protesta. Nagkonsolida ang rehimeng Aquino sa estado poder at nagpatupad ng ilang makabuluhang demokratikong reporma at hakbang, puspusing gumamit sa mga bentaheng dulot ng popularidad ni Ninoy Aquino, nag-engganyo sa mga repormistang ilusyon at nagtulak ng *ceasefire*. Sa likod nito, pinaigting ang militarisasyon at nanatiling malaganap ang mga pasistang panunupil sa saligang masa at mga progresibong pwersa.

Sa bagong sitwasyon muling pinanindigan ng Partido ang linyang pambansa-demokratiko. Binigyang-diin ang pagsusulong ng mga pakikibaka para sa mga saligang kapakanang pambansa at panlipunan, ang pagpupursigi sa armadong rebolusyon, ang patuloy na pagpapalakas ng mga saligang rebolusyunaryong pwersa habang sinisikap na panatilihin ang pinakamalawak na ugnay at pakikipagtulungan sa ibang mga pwersang progresibo at demokratiko. Sa rehiyon, nasustine pa ang pagsusulong ng rebolusyunaryong kilusang masa sa kanayunan at sandatahang pakikibaka sa taong 1986. Sa taong ito, matagumpay na inilunsad ng mga yunit ng BHB ang 57 taktikal na opensiba na puminsala sa malaking bilang ng kaaway at sumamsam ng 184 matataas na kalibre ng baril at 72 *short firearms*. Nagpatuloy rin sa panahong ito ang paglaki ng kasapian ng Partido sa saklaw ng rehiyon.

Taong 1986, sa isang pulong ng Southern Luzon Commission kung saan pinag-ulat ang mga kasama sa naging pagtatasa at programa ng mga Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan at Bicol, binalangkas ang planong *fast track/slow track insurrection*. Sa balangkas ng “*fast track*” makakamit ang mapagpasyang tagumpay sa loob ng tatlong taon; ang “*slow track*” ay sa *medium-term* o limang taon pataas. Nakaayon ito sa maling pampulitikang linya ng insureksyunismong lungsod na lumalaganap noon sa buong organisasyon ng Partido sa pambansang saklaw. Itinulak nito ang labis na pagdidiin sa pagpapaigting ng digma na di nagsaalang-alang sa pangangailangan ng patuloy na pagpapalawak at pagkokonsolida ng baseng masa.

Sa kanayunan, itinulak ang pangangailangan ng pagtatayo ng mga kumpanyang gerilya patungo sa pagreregularisa ng Hukbong bayan

para makasabay ang rehiyon sa pagpapatindi ng pakikidigmang gerilya. Kaugnay nito, maraming mga pagkakataong hindi naihahanda ang organisasyon at masa sa mga lugar na nilulunsaran ng mga taktikal na opensiba ng BHB at hindi nasasalo ang baseng masa laluna kung may matinding reaksiyon ang kaaway. Samantala, sa kalunsuran, itinulak ang tatlong pangunahing makinarya, ang ‘pulitiko-militar’ na paraan ng pag-oorganisa at ang pagpapaunlad ng pakikidigmang partisano bilang isang natatanging porma ng pakikidigma bukod sa pagiging ekstensyon ng pakikidigmang gerilya sa kalunsuran. Mabilis na winaldas ng mga maling konseptong ito ang mga naipundar na rebolusyunaryong kilusan at baseng masa sa hayag at lihim sa mga nakaraang taon.

Matapos ang tatlong taon, ipinatupad ang kampanyang anti-impiltrasyon sa rehiyon na tinaguriang OPML (Oplan Missing Link) o “kahibangan” na tumama sa organisasyon ng Partido. Idinulot ito ng malubhang suhetibismo sa pagturing na



napasok ang organisasyon ng mga *deep penetrating agents* o DPA at espiya ng kaaway at sa anumang sandali ay magbibigay ng pamatay na bigwas sa Partido, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan. Sa kalahatan, hinusgahan ng Partidong mali ang naging tuntungan ng kampanya at nilabag nito ang saligang mga patakaran kaugnay sa pag-iimbestiga at paglilitis sa mga itinuturing na espiya ng kaaway na nakapasok sa loob ng organisasyon. Nagdulot ito ng malawakang demoralisasyon sa hanay ng mga pwersa sa kanayunan at paralisis ng mga kilusang masa sa kalunsuran. Ang Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KTKS) ng Partido ang nagsalba sa organisasyon ng Partido sa rehiyon sa muntikan nitong pagkawasak.

Sa kalahatan, hindi naging sostenido ang ating naging pagsulong dahil sa malulubhang kamalian at paglihis sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido. Ang mga pagsulong at pagpupundar ng solidong rebolusyonaryong lakas na nakamit ng Partido sa rehiyon sa gitna ng walang humpay na pananalakay ng kaaway ay diniskaril at winaldas ng mga malulubhang kamalian at paglihis noong 1987-88. Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido sa pambansang saklaw ang muling nagbangon sa buong kilusang rebolusyonaryo sa rehiyon at nagdala sa kanyang muling pagsulong sa susunod na mga taon.

*Halaw sa Rektipikasyon. Ikatlo sa serye ng mga artikulo sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon para sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido.* ☒

## Laguna: Paraiso ng malalaking kapitalistang inagaw sa mamamayan

I sa ang Laguna sa mga probinsya na resulta ng malawakang pagpapalit-gamit ng lupa dulot ng samu't saring proyekto ng reaksyunaryong gubyrno ayon sa dikta ng imperyalismong US kasapakat ang mga malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang mamumuhunan. Dahil nasa tarangkahan ng Kamaynilaan, mabilis na dumami ang mga naitayong imprastruktura at pagawaan na nagdulot ng malawakang pagpapalit-gamit ng lupa mula agrikultural tungong gamit industriyal, komersyal at residensyal na nagsimula pa noong panahon ng diktadurang US-Marcos.

Sa ilalim ng grandyosong proyektong CALABARZON ng rehimeng US-Corazon Aquino, nilayong pasimulan ang "urbanisasyon" sa rehiyon na naglalagay sa Laguna sa mga prayoridad na "pauunlarin". Kaya't mula sa pagiging nangungunang prodyuser ng palay sa rehiyon pangalawa sa Mindoro, napuno ng mga pabrika ang lalawigan. Itinayo ang samu't saring mga pabrikang pagmamay-ari ng malalaking negosyante ang malalawak na sakahan sa bahagi ng Laguna na kadikit ng Kamaynilaan, Sa kasalukuyan, Laguna ang may pinakamaraming engklabong industriyal sa rehiyon na binubuo ng limang *information technology parks*, apat na *special economic zones*, tatlong *technoparks*, tatlong *industrial parks*, dalawang *international parks* at dalawang *science parks*. Bukod pa rito ang iba pang malalaking pagawaang hindi saklaw ng mga malalaking engklabong ito.

Sa mga engklabong ito matatagpuan ang mga empresang pag-aari o kontrolado ng mga dayuhang kapitalistang multinasyunal at transnasyunal sa industriya ng gamot, pagkain, inumin, produktong kemikal, petrokemikal, tela, damit, produktong bakal, pangkomunikasyon, *automotive* at iba pa. Pang-eksport ang 72% ng mga produktong nalilikha ng mga empresang ito. Ang mga engklabong ito ang nagsisilbing parang garison sa daan-libong manggagawa na kalakha'y kontraktwal at nagtitiis sa kakarampot na sahod. Animo'y mga paraiso ang itsura ng mga ito sa labas ngunit sa loob ay impyerno para sa mga manggagawang inaalipin ng mga kapitalista at inalisan ng karapatan sa regular na trabaho at nakabubuhay na sahod.

Bukod sa pagtatayo ng mga pagawaan at empresa, nasa lalawigan din ang malalaking *resettlement areas* na pinagdadalhan ng maralitang lungsod na pinapalayas sa mga komunidad sa Kamaynilaan. Matatagpuan sa lalawigan ang ilan sa mga malalaking proyektong pabahay ng reaksyunaryong gubyrno tulad ng mga Southville sa Biñan, Calauan, at San Pedro Resettlement Area. Karaniwan sa mga *resettlement areas* na ito ang mga bahay na maliliit ang espasyo at dikit-dikit at wala o malayo sa mga batayang pasilidad. Dito rin nanggagaling ang mga manggagawang pumapasok sa mga malalaking engklabo at pagawaang itinayo sa lalawigan.

Samantala, itinayo din sa probinsya ang mga malalawak na pangmayamang subdibisyon at *real estates* na nagpalayas din sa mga magsasaka sa mga dating lupang sakahan na kinumbert tungong eryang residensyal, pook pasyalan at pang-ekoturismo. Halimbawa dito ang itinayong Sta. Lucia Golf Course sa Cavinti at *golf course* sa Canlubang,



Calamba na saklaw ng Hacienda Yulo. Nakaamba namang itayo ang mga *casino* at *resort* sa tabing-lawa kasabay ng planong pagtatayo ng *coastal highway* na mabilis na makapaghahatid ng mas marami pang mga turista sa lugar.

Tampok din sa lahat ng mga proyektong ilulunsad sa probinsya ang LLEDP o Laguna Lakeshore Expressway Dike Project (LLEDP), pinakamalaking proyekto ng rehimeng US-BS Aquino sa ilalim ng Public-Private Partnership (PPP) na nagkakahalaga ng P123B. Tatawirin ng LLEDP ang Lawa ng Laguna upang tahiin ang mga syudad ng Taguig at Muntinlupa sa Maynila hanggang Calamba at Los Baños. Pinapangarap din ng rehimen ang pagtatayo ng Cavite-Laguna Expressway na gagastusan ng P18.79B at Calamba-Los Baños Expressway na lalaanan naman ng P5.9B. Tatawirin din ang Lawa ng Laguna ng planong Manila-Quezon Expressway na nagkakahalaga ng P66.7B. Noong nakaraang taon, binuksan na ang 3.2 kilometrong porsyon ng Laguna Lake Highway na mas kilala bilang Circumferential Road 6 (C6). Ang mga proyektong kalsadang ito ang magpapabilis ng daloy ng transportasyon ng mga produkto at serbisyo ng mga pagawaan at empresa sa paligid ng lawa sa kapakinabangan ng mga burgesya kumprador at dayuhang negosyante na may-ari nito.

Bukod sa pag-aayos ng mga kalsadang pang-transport, sinamantala din ng mga kapitalista ang yamang-tubig sa Laguna para magtayo ng mga dam at *hydro-electric power plant* na pagkukunan ng malaking suplay ng kuryente ng mga pagawaan at empresa. Nananatili hanggang sa kasalukuyan ang pag-ooperasyon ng Caliraya Hydro-Electric Power Plant, Butuan Hydro-Electric Power Plant sa Majayjay at MakBan (Makiling-Banahaw) Geothermal Power Plant sa Bay. Nakaamba pa ang pinaplanong Sierra Madre Mega Dam Project na maaaring magdulot ng malawakang pagbaha sa Laguna. Samantala, nakaamba na ring itayo ang mga *mini hydro-electric power plant* sa mga bayan ng Majayjay at Liliw; at mga *windmill* sa Bundok Sembrano sa Mabitak para pagkunan ng *wind energy*.

Nagpapatuloy ang pagratsada ng malalaking proyektong pang-imprastruktura ng rehimeng US-Duterte sa Laguna. Batid ng mamamayang Pilipino na hindi kaunlaran ang ihahatid ng mga ito kundi pagkawasak sa kalikasan at karapatan ng milyun-milyong residente ng Laguna sa lupa, panirikan, at kabuhayan. Habang iniaabante ng kasalukuyang

rehimen ang mga neoliberal na programa, hindi lamang kalupaan, kabundukan at katubigan ng Laguna ang winawasak kundi pati ang kabuhayan at karapatan ng mamamayan na dumaranas ng ibayong kahirapan. Sa probinsya din ng Laguna nagaganap ang malalaking laban ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lungsod at iba pang sektor para sa tunay na kaunlaran. Determinado ang mamamayang Lagunense na ipagtagumpay ang mga pakikibakang ito at muling mabawi ang paraisong inagaw sa kanila upang linangin para sa lahat ng mamamayan. 📍

Mapa ng proyektong Laguna Lakeshore Expressway Dike





## TK, naghahanda na sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng PKP

Iba't ibang anyo ng pagtitipon tulad ng mga kulturang pagtatanghal at pag-aaral ang inilulunsad ngayon ng mga organisasyon ng Partido sa TK bilang paghahanda sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng PKP sa Disyembre 26.

Mula Hunyo ng taong kasalukuyan ay inilulunsad ng iba't ibang yunit ng BHB sa ilalim ng Melito Glor Command ang serye ng mga kapehan o *cultural night* upang pagpugayan ang 50-taong karanasan sa pakikibaka ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng mga talakayang-buhay, ibinabahagi ng mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB, mga kadre at kasapi ng Partido ang kani-kanilang karanasan kung paano binago ng PKP ang kanilang buhay bilang mga proletaryong rebolusyonaryo. Sinasaliwan ito ng masisiglang kulturang pagtatanghal sa anyo ng awit, tula, *rap* at iba pang likhang-sining na sumasalamin sa

buhay-at-kamatayang pagpupunyagi at pamumuno ng PKP sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Inilulunsad kapwa sa kanayunan at kalunsuran ang serye ng mga pag-aaral sa tatlong antas na kurso ng Partido at mga aralin hinggil sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang teoryang gabay ng PKP. Tampok sa mga ito ang matagumpay na pagpapagradweyt sa mahigit 40 kadre ng Partido sa buong rehiyon sa Abanteng Kurso ng Partido na inilunsad sa isang sonang gerilya. Muli ring binabalik-aralan ng mga kadre at kasapi ng Partido ang Rektipikasyon na naglathala ng kasaysayan at paglalagom ng karanasan sa pagtatayo ng Partido sa rehiyon upang sariwain ang mga tagumpay na nakamit at mga aral sa kabiguan ng kilusan mula sa panahon ng pagpupundar. ☒

## Dalawang bats ng AKP, matagumpay na inilunsad sa rehiyong TK

Bilang bahagi ng kasalukuyang kilusang pagwawasto at pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng Partido, dalawang bats ng Abanteng Kurso ng Partido ang matagumpay na inilunsad sa rehiyong Timog Katagalugan noong nakaraang buwan ng Agosto hanggang Setyembre sa isang sonang gerilya.

Mahigit 40 kadre ng Partido mula sa iba't ibang larangan ng gawain ang napagtapos ng AKP na tumagal ng halos 18 araw bawat bats. Inaasahan sa mga darating na panahon na marami pang bats ng AKP ang mailulunsad sa iba't ibang bahagi ng rehiyon upang mapagtapos ang lahat ng kasapi ng tatlong antas ng

pag-aaral ng Partido para sa higit pang pagpapahigpit ng pagsapol sa Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang teoryang gabay ng bawat proletaryong rebolusyonaryo.

Naging tampok din sa pag-aaral ang mga ginawang malikhaing *recap* ng bawat grupo sa porma ng mga pangkulturang pagtatanghal tulad ng mga awit, *rap*, balagtasang sayaw, dula atbp. Naglunsad din ng kapehan para sa pagtatapos upang pasalamatan ang yunit na nagtaguyod sa pag-aaral at ang mga organisasyong masang katuwang sa paghahanda, pagluluto at seguridad. ☒





### ***Pamamaslang, militarisasyon, hamletting sa mga Mangyan***

Walang-awang pinaslang ng mga elemento ng Philippine Army ang lider-Mangyan (Alangan) na si Pangon Danio sa Sityo Kulasisi, Brgy. Batong Buhay, Sablayan, Occidental Mindoro noong Setyembre 11.

Samantala, militarisado ang Brgy. Panaytayan sa Mansalay at Brgy. Yapang sa Sablayan kung saan nakapakat ang hindi bababa sa 300 sundalo sa ilalim ni Lt. Col. Dennis Gutierrez ng 4th IBPA at Maj. Gen. Rhoderick Parayno ng 2nd ID.

Hinamlet ng pasistang tropa ng militar ang mga residente sa dalawang barangay na nagbunsod ng sapilitang paglikas ng hindi bababa sa 500 Mangyan ng Sityo Kulasisi, Brgy. Yapang, Sablayan mula Setyembre 15.

Aabot naman sa 58 pamilyang Hanunuo ang nagbakwit mula sa Sityo Panhulugan, Brgy. Panaytayan, Mansalay. Nananatili pa hanggang sa kasalukuyan ang 36 pamilyang nagbakwit sa eskwelahan ng Sityo Anahaw kung saan din nagkampo ang militar na kumontrol sa mga kilos ng mga Mangyang nagbakwit. Ipinagbawal ng alkalde ng Mansalay ang *relief operations* ng iba't ibang organisasyon para sa mga nagsilikas.

### ***Iligal na pang-aaresto, pandarahas at pananakot sa mga magsasakang Batangueño, umiigting***

Iligal na inaresto ng mga elemento ng 2nd ID ang tatlong magsasakang sina Marwin de Rafael, Santi Ticatic at Joselito Flores sa Brgy. Calumpit, Lobo, Batangas noong Setyembre 2. Kasalukuyang nakadetine sa PNP Lobo ang tatlong magsasaka.

Kabilang ang mga inaresto sa mga magsasaka sa Lobo na mahigpit na lumalaban sa planong pagtatayo ng kumpanya ng mina sa bayan.

Samantala, patuloy na tinatakot at minamanmanan ng mga elemento ng mersenaryong AFP-PNP ang isang lider-mangingisda sa Sityo Panutsutan, Brgy. Balaytigue, Nasugbu. Lumikha ng takot sa pamilya ni Restituto “Ka Tito” Delos Reyes ang gabi-gabing pagmamatyag ng mga naka-*bonnet* na armadong kalalakihan sa kanilang tahanan mula Setyembre 3.

Si Ka Tito ay Pangulo ng Pagkakaisa ng Maliliit na Mangingisda sa Sityo Panutsutan-Tali Beach-Balaytigue (PMSPTB). Malaon nang ipinaglalaman nina Ka Tito ang 17 ektaryang lupain na inaagaw sa kanila ng Far East Corporation at EZK Sabarte Company.

Bago ito, naglulunsad na ng operasyong militar ang pwersa ng 1st IBPA, 730th Combat Group-Philippine Air Force at PNP sa Brgy. Balaytigue at kalapit na mga barangay. Inaakusahan ng Air Force at PNP ang mga lider-magsasaka at mangingisda na mga kasapi ng BHB.

Sa San Juan, nagbanta ang mga gwardya ng Laiya Development Corporation at mga tauhan ni Federico Campos III na sisirain ang mahigit 20 bangka ng mga mangingisda sa Sityo Balacbacan, Brgy. Laiya Aplaya. Hanggang sa kasalukuyan, tuluy-tuloy pa rin ang panggigipit at pandarahas sa mga magsasaka at mangingisda sa Laiya upang mapalayas sila sa lupang matagal na nilang tinitirhan.

### ***AFP-PNP, nagpakalat ng fake list ng target parusahan ng BHB Quezon***

Naghasik ang AFP-PNP ng kasinungalingan, panlilinlang at teror sa mamamayan at paninira sa rebolusyonaryong kilusan sa mga polyetong ipinakalat nila sa San Narciso, Quezon noong Agosto 29.

## **Talahulugan ng mga kaso ng paglabag sa mga sibil at pulitikal na karapatan**

### **Pagbabanta, Pandarahas at Paninindak**

Anumang mali o iligal na aktong nagbabanta, nandarahas o naninindak sa isang indibidwal o nagdudulot ng pangamba at pagkabahala sa tao, sa dangal, sa seguridad, sa *privacy*, sa kalayaan at sa pag-aari ng nasabing indibidwal o sa kanyang pamilya o sa anumang grupo, organisasyon o komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng mga nakasisindak na salita, kilos at akto.

Nota: Saklaw nito ang pagsama sa mga indibidwal sa Order of Battle o “OB” o kaparehong listahan, pagtatatak o iba pang paraan ng pag-alimura sa biktima; *surveillance*, *wiretapping*, *hacking*, *stalking*; at pagsasampa ng marahas, malisyoso, panggulo, at mapang-usig na mga ligal na kaso. ☒

Nilaman ng nasabing polyeto ang pagbibigay babala sa diumano'y mga *asset* at impormer ng mga pulis at sundalo na target parusahan ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon. Kabilang sa pekeng listahan ang mga sibilyang sina Avelardo Rebadulla, Efren Esguerra, Jaime Llanita, Ruel Llanita, Sherwin Oliva, at Whilno Oliva ng Sitio Tambo, at Gina Aureada ng Barangay Maligaya.

Mariin itong pinabulaanan ng AMC-BHB Quezon at inilinaw na hindi nanggaling sa kanila ang polyetong ito. Ani Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-BHB Quezon, "kung may mangyaring masama sa mga inosenteng sibilyang ito, walang ibang salarin kundi ang berdugo at pasistang AFP-PNP ng rehimeng US-Duterte." ❏



### **Detatsment ng 12th MBLT, hinaras ng BHB Palawan**

Hinaras ng isang tim ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan ang detatsment ng 12th MBLT sa Sitio Itabyak, Brgy. Dumarao, Roxas noong Setyembre 6, ganap na alas-11:30 ng umaga.

Ang isinagawang aksyong militar ng BVC ay bilang tugon sa tumitinding militarisasyon ng tropa ng 12th MBLT sa isla. Ayon kay Salvador Luminoso, tagapagsalita ng BVC-BHB Palawan, "laging handa ang mga yunit ng BHB sa Palawan na labanan ang lahat ng desperadong pakana ng rehimeng US-Duterte na supilin ang buong rebolusyonaryong kilusan sa taong 2019."

### **Mga operasyong militar ng 4th IB sa Mindoro, matagumpay na nilabanan ng LdGC**

Binigo ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro ang pag-atake ng pasistang tropa ng 4th IB sa Sitio Ayagay, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Setyembre 10 ganap na alas-7 ng umaga. Aabot sa siyam ang napatay at tatlong nasugatan sa hanay ng militar kabilang si Corporal Romeric Urbiztondo sa nangyaring tatlong oras na labanan. Ligtas na nakaatras ang Pulang hukbo nang walang natamong kahit anumang kaswalti sa kanilang hanay.

Bilang tugon sa inilulunsad na operasyon ng mersenaryong tropa ng AFP, inisnapp ng isang tim ng LdGC ang pwersa ng 4th IB noong Setyembre 18, ganap na alas-8:30 ng umaga sa Battalion Head Quarters ng 4th IB-PA Sitio FFCruz, Brgy. Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro. Nagresulta ito ng sugatan sa hanay ng sundalo.

### **Nag-ooperasyong tropa ng 85th IBPA sa Quezon, inisnapp**

Inisnapp ng isang tim ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon ang nag-ooperasyong tropa ng 85th IBPA sa Brgy. San Jose, Macalelon noong Setyembre 21, ganap na alas-11 ng umaga. Nagresulta ito ng dalawang patay sa hanay ng militar. Ang aksyong militar ng AMC ay bilang tugon sa nagpapatuloy na operasyon ng pasistang 85th IBPA sa bayan ng Macalelon. ❏

## KILOS PROTESTA



### **Protesta matapos hatulang maysala si Palparan, inilunsad**

Naglunsad ng kilos-protesta ang Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK) matapos hatulan sina *retired* Major General Jovito Palparan, Lt. Col. Felipe Anotado at Staff Sgt. Eduardo Osorio na "maysala" sa kasong *kidnapping* at *illegal detention* sa mga aktibistang sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeno.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front-Southern Tagalog, "pinangunahan ni Palparan ang pinakamadudugong kampanyang militar sa rehiyon na Task Force Banahaw sa Laguna at Oplan Habol Tamaraw sa isla ng Mindoro sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 1 ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Mga alagad ni Palparan [ang dumukot at pumaslang] kina Eden Marcellana, Secretary General ng Karapatan-ST at Eddie Gumanoy, tagapangulo ng KASAMA-TK noong 2003."

Dagdag pa ni PdG, "hindi tinatapos ng pagkakahatol kay Palparan ang umiiral na *culture of impunity* sa bansa. Dapat ring panagutin ang pangunahing alyado ni Duterte na si Gloria Macapagal-Arroyo at mga heneral na sina DILG Secretary *retired* General Eduardo Año at National Security Adviser *retired* General Hermogenes Esperon na pawang nag-utos at nagbigay kapangyarihan kay Palparan." ❏



# MILITARISASYON SA KOMUNIDAD NG DUMAGAT

